



EDITORIAL

## Limang taong tiraniya, huwag nang palawigin pa

Walang kasukat na pagdurusa at pang-aapi ang inihatid ng limang taong tiwali, traydor at tiranikong rehimen ni Rodrigo Duterte. Ngayon higit kailanman, nagpupuyos ang damdamin ng mamamayan sa determinasyon na pangibabawan ang lahat ng takot at pangamba at makibaka para wakasan ang lubhang kinamumuhiang rehimen.

Upang itatag ang kanyang tiraniya, susing patakaran ni Duterte ang walang pigil at walang tigil na kampanya ng maramihang pamamaslang gamit ang pulis at militar at ang kanyang mga bayarang armadong mamamatay-tao. Pakay nitong saklutin ng lagim at lumpuhin ang mamamayan, upang makapaghari nang walang humahamon at may absolutong kapangyarihan at isagasa ang lahat ng kanyang gusto.

Sa kanyang huwad na "gera kontra droga," gera laban sa mamamayang Moro, at gera laban sa rebolusyonaryong kilusan, pag-atake sa di armadong mamamayan ang pangunahing taktika ni Duterte. Ipinaiilalim ang mga sibilyan sa iba't

ibang anyo ng pang-aabuso ng armadong mga galamay ng estado.

Laksang libo na sa buong bansa ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang, pagdukot, tortyur, iligal na pag-aresto, *red-tagging*, "narco-listing," pagbabansag na "terorista," okupasyong militar, panghahas at paninindak sa mga sibilyang komunidad, sapilitang rekrutment sa CAFGU, pwersahang "pagpapasuko," pambobomba mula sa himpapawid, walang puknat na panganganyon at pagbabakwit. Pangunahing biktima ng terorismo ng estado ang mga magsasaka at masang minorya. Ang deklarasyon ni Duterte na nais niyang armasang ang mga grupong *vigilante* upang idagdag sa pulis at mili-

tar ay tiyak na lalong magpapalubha sa paninibasib sa mamamayan.

Ginamit niya ang pandemya simula 2020 para ibayong higitan ang mamamayan, kontrolin ang kanilang kilos, ipagkait ang mga kalayaan at ipailalim ang guberno at buong lipunan sa kapangyarihan ng pulis at militar sa katauhan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Niratsada ang pagsasabatas ng mabagsik na "Anti-Terrorism Law" na nagsisilbi ngayong sandatang panindak at pansupil laban sa mga pwersang patriyotiko at demokratiko.

Binangkarote ni Duterte ang kababang bayan sa kanyang korapsyon, walang katapusang pangungutang, pagkaltas ng buwis sa mga kapitalista at pagbubundat sa mga pwersang militar at pulis. Kinontrol niya ang korapsyon pati ang bentahan ng iligal na droga sa bansa at operasyon ng pinakamalaking sindikatong kriminal. Inapak-apakan niya ang ka-

pakanan ng mga manggagawa, mag-sasaka at masang walang trabaho, gayundin ang mga guro, nars, empleyado ng guberno, at kabataan. Kahit sa gitna ng pandemya, kulang na kulang ang inilaang pondo sa pamublikong kalusugan at ayudang pangkabuhayan para sa mga nawalan ng trabaho at pagkakakitaan.

Mabilis na bumulusok ang kalagayang sosyo-ekonomiko ng mamamayan dulot ng mga dagdag buwis ni Duterte, liberalisasyon sa pag-aangkat ng bigas at karneng baboy, pambabarat sa sahod, pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng lupa, pangangamkam ng likas-yaman at pandarambong ng mga korporasyong multinasyunal sa pagmimina, mga plantasyon, proyektong pang-enerhiya at iba pang mga operasyon ng mga burgesya kumprador. Milyun-milyong mamamayan ang nawalan ng trabaho at pagkakakitaan kapwa sa mga syudad at kanayunan.

Sa limang taon, walang katulad ang paglala ng kawalan ng pambansang soberanya ng Pilipinas. Ipinagkanulo ito ni Duterte sa pagbibigay-daan sa China na kamkamin ang *exclusive economic zone* at *extended*

*continental shelf* ng bansa, magtayo ng artipisyal na mga isla para itatag at palawakin ang mga pasilidad militar nito at angkinin ang mga nakapalibot na dagat at rekurso rito. Itinaboy nito ang mga Pilipino mula sa kanilang mga dagat para sarilinin ang pagdambong sa suplay ng isda at ibang lamang-dagat.

Sa kabilang panig, ikinakalalaki niya ang karapatan ng bansa kapalit ng mga armas at iba pang kagamitang pandigmang benta o bigay ng US. Mas maraming bala at bomba at malaking ayudang militar mula sa US ang hiningi ni Duterte bilang "bayad" sa tagibang na Visiting Forces Agreement na simula pa nakaraang taon ay kunwaring ipawawalambisa. Nagbingi-bingihan siya sa sigaw na ibasura ang Mutual Defense Treaty, Enhanced Defense Cooperation Agreement at iba pang hindi pantay na tratadong nagbibigay ng ekstrateryoral na kapangyarihan sa mga pwersang militar ng US sa bansa.

Klarong-klaro na ang plano ni Duterte na magkapit-tuko sa poder, sa anyo man ng pagtakbo bilang bise-presidente kasama ang sinumang piling

alipures bilang pangulo, o ang reserbang plano na ipataw ang pasistang diktadura. Nais ni Duterte na habang buhay ay iwasan ang anumang kriminal na paglilitis at patuloy na magkamal ng yaman at kapangyarihan. Gayunpaman, sa plano niyang manatili sa poder, ginigiba ni Duterte ang mga aliyansang tumutukod sa kanyang rehimen at pinalalakas ang determinasyon ng mga pwersang nagnanais na tapusin ang kanyang paghahari.

Dapat puspusing ilantad ang lahat ng krimen ni Duterte at ng kanyang mga alipures at kasabwat. Dapat kumilos ang lahat para singilin si Duterte at pagbayarin sa lahat ng kasalanan sa sambayanan.

Dapat matatag na kumilos ang sambayanang Pilipino para tuldukan na ang tiranikong paghahari ni Duterte. Dapat nilang ipamalas sa lansangan at iba pang larangan ng paglaban ang kanilang tapang at determinasyon na itaguyod ang kanilang interes at kapakanan. Dapat mahigpit na magkapit-bisig ang lahat ng pwersang demokratiko para hadlangan ang mga buhong na plano ni Duterte.

Ang tigmak sa dugong paghahari ni Duterte ay tanda ng bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Nakapananatili lamang sa poder ang mga mapagsamantala at mapang-aping naghaharing uri sa pamamagitan ng armadong pagsupil sa malawak na masa ng sambayanan. Inilantad ng maruming gera ni Duterte sa mamamayan ang kawastuhan at pangangailangang maglunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka para wakasan ang kanilang pagdurusa.

Tiyak na lalagpasan ng Partido at ng demokratikong rebolusyong bayan si Duterte, kahit pa magtagumpay siyang manatili sa kapangyarihan. Habang nagtatagal siya sa kapangyarihan, lalong dumarami ang napupukaw, naoorganisa at napakikilos ng Partido, ng Bagong Hukbong Bayan at mga organisasyong masa sa landas ng mga pakikibakang masa at armadong paglaban. Sa kalaunan, hindi mapipigilan ang sama-samang pagsambulat ng galit ng bayan sa isang makapangyarihang unos na tatapos at maglilibing sa tiraniya ni Duterte. AB



Tomo LII Blg. 13 | Hulyo 7, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.



@prwc\_info



fb.com/editorsOFAB



cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

<b>Editorial:</b> Limang taong tiraniya, huwag nang palawigin pa	1
Pondo para sa Covid-19, balon ng korapsyon	3
Pang-aaresto at militarisasyon sa Bicol	4
Magsasaka pinaslang, 22 pamilya nagbakwit	4
2 M16, nakumpiska ng BHB-Surigao del Sur	5
DDoS <i>attack</i> ng AFP	5
5 taon ni Duterte, sinalubong ng protesta	5
Mga protestang bayan	5
Nang busugin ng diktador ang mga halimaw	6
Lumilipad na mga kabaong	7
Sa madaling salita	8
<i>Money laundering</i> , laganap sa Pilipinas	9
Krisis at ribalan sa industriya ng <i>semiconductor</i>	10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Pondong pantugon sa Covid-19, balon ng korapsyon

**B**alon ng korapsyon ang bilyun-bilyong pisong inilaan ng rehimeng Duterte sa tugong nito sa pandemyang Covid-19. Sa ulat ng mga ahensya ng estado noong Hunyo 25, tinatayang aabot pa sa ₱168.7-bilyong pondo o 25.43% ng kabuuang ₱665.7 bilyong inilaan para rito ang hindi nagastos ng iba't ibang ahensya ng gubernong Duterte simula pa Marso sa nakaraang taon sa di maipaliwanag na mga dahilan.

Nagmula ang pinagsama-samang pondong ito sa mga batas na Bayanihan 1 (₱393.63 bilyon) at Bayanihan 2 (₱205.12 bilyon) at sa inilaang pondo sa mga ahensya sa pambansang badyet ngayong 2021 (₱66.97 bilyon).

Pinakamalaking bulto ng hindi nagamit na pondo ay nasa Department of Health (DOH). Sa pondong ₱157.4 bilyon, ₱51.4 bilyon pa lamang ang ginamit ng ahensya para sa pagbili ng bakuna, suporta sa mga manggagawang pangkalusugan, at iba pa.

Sa inilaang ₱5.26 bilyon para sa mga bakuna, ₱1.12 bilyon pa lamang ang nagagastos ng DOH. Ang ₱9-bilyong pondo naman para sa *special risk allowance* ng mga manggagawa sa kalusugan ay noon lamang Hunyo 29 nirelis mula sa pambansang pondo.

Ang ₱16.24 milyon na para naman sa mga manggagawang pangkalusugan ng University of the Philippines-Philippine General Hospital ay hindi pa rin nagagalaw. Sa kabila ito ng makailang-ulit na paggigiit ng sektor sa pangunguna ng Alliance of Health Workers.

## Pagtatapos ng Bayanihan 2

Kabilang sa mga kagawarang mayroong hindi nagamit na pondo ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) (₱1.3 bilyon), Department of Public Works and Highways (₱1 bilyon), Department of Agriculture (₱658.3 milyon), Department of the Interior and Local Government (₱580.471 milyon), DOH (₱266.2 milyon), at Department of Labor and Employ-

ment (₱224 milyon).

Babalik sa National Treasury ang anumang pondong hindi naipamahagi sa ilalim ng pinalawig na Bayanihan 2 matapos napaso ang batas noong Hunyo 30. Tinatayang nasa 4.6% o ₱6.5 bilyon ng kabuuang ₱141.6 bilyon ng pinalawig na Bayanihan 2 ang hindi nagastos ng iba't ibang kagawaran ng guberno.

Kinastigo ng iba't ibang personalidad at grupo ang kapabayaang ito ng rehimen. Ayon kay Rep. Edcel Lagman, kinatawan sa prubinsya ng Albay, "seryosong pagsasakdal" sa kapabayaang at kabiguan ng rehimen sa pagharap sa pandemya ang pagkakaroon ng mga hindi nagamit na pondo.

Kinundena naman ng Alliance of Concerned Teachers ang Department of Education matapos bigong gamitin ng ahensya ang aabot sa ₱1.7 bilyong pondong para sana sa *distance learning*. Nakalaan ang naturang pondo para sa pag-iimprenta ng mga modyul, ayuda sa mga guro at iba pa.

Natigil na rin ang programang libreng pasakay ng rehimen matapos magwakas ang Bayanihan 2. Sa harap ito ng nagpapatuloy na kakulangan ng pampublikong transportasyon laluna sa Metro Manila.

## Paghihimay sa gastos

Ayon kay Sen. Sonny Angara, pinuno ng komite sa pinansya ng Senado, hihimayin nito ang gastos ng bawat ahensya ng guberno para malaman ang dahilan ng mabagal na paglalabas ng mga pondo.



Kinwestyon din ng Senado noong nakaraang buwan ang mabagal na paglalabas ng pondo ng DBM sa kabila ng pagkakaroon ng Anti-Red Tape Authority (Arta) na itinalaga para pabilisin ang paggulong ng mga ito.

Pebrero at Mayo pa lamang nitong taon, naghain na ng mga resolusyon sa Senado sina Sen. Francis Pangilinan at Sen. Risa Hontiveros para busisiin ang paglalabas ng mga pondo. Sa Mababang Kapulungan, nagsumite rin ng resolusyon ang 37 mambabatas.

Isiniwalat naman ni Sen. Manny Pacquiao noong Hulyo 3 ang nawa-walang ₱10.4 bilyong pondo ng Social Amelioration Program (SAP) sa ilalim ng DSWD. Ayon sa kanya, sa ginamit na aplikasyong Starpay, nasa 500,000 lamang ang nakatanggap ng SAP sa kabuuang 1.8 milyong benepisyaryo. Tumataginting na ₱14 bilyon ang hindi naipamahagi sa mga benepisyaryo.

Liban pa sa DSWD, inakusahan din ng senador ng korapsyon ang DOH at Department of Energy. Bumibili umano ang DOH ng mga malapit nang *ma-expire* na mga gamot sa regular na presyo sa halip na mas mura.

"Kung walang maayos na pag-aakawnt, hindi natin masisisi ang taumbayan kung iisipin nilang gagamitin ito ng administrasyon para sa darating na eleksiyong 2022," ayon kay Bayan Muna Partylist Rep. Carlos Zarate.

# Pang-aaresto at militarisasyon sa Bicol

Isang magsasaka ang pinatay at 19 sibilyan ang inaresto sa iba't ibang operasyong militar sa Bicol nitong nagdaang dalawang linggo. Nakapailalim pa rin sa okupasyong militar ang maraming bahagi ng rehiyon.

Binaril at napatay ng mga pwersa ng Regional Mobile Force Battalion si Alex Llabres, magsasaka at residente ng Barangay San Roque Heights, Bula, Camarines Sur, sa kanyang bahay noong Hunyo 24.

Sa Sorsogon, iligal na inaresto ng 22nd IB ang 13 na indibidwal, kabilang ang anim na menor de edad, sa Bulan noong Hunyo 28. Unang dinukot ang magsasakang si Alvin Mapula kasama ang kanyang mga pamangkin na sina Althea Mapula, 2-taong gulang, at Janrex Mapula, 13, mga residente ng Barangay Bulawan.

Iligal ding ibinimbin ang mga kamaag-anak na naghanap sa tatlo. Hanggang ngayon, nakapiit pa rin sina Editha Mapula, 43; Mary Ann

Mapula, 29; Angel Mapula, 12; Rey Mapula, 4; RJ Mapula, 7; Renz Gue-las, 13; Sunny Preconcillo, 48; Emy Preconcillo, 39 at Dante Bandola, 50.

Sa parehong araw, inaresto si Laurente Gestole, residente ng Barangay Cadandanan. Tinakot at pinagbantaan naman ng mga berdugo sina Regine Graidia at Geraldine Gestole, mga residente ng Barangay Calpi. Sa bayan ng Donsol, binaril at iligal na inaresto si Jesus Macenas, isang magsasaka, noong Hunyo 17.

Sa Masbate, inaresto sina Mariel Suson, 22, titser, Jennifer Dollison Nuñez, myembro ng Amihan Bicol at Sano Arendain ng Kilusang Magbubukid ng Bicol noong Hunyo 22 at 23 sa Barangay San Jose, Uson.

Noong Hunyo 18, dinakip ng 2nd IB sina Joseph Delara, 18, residente ng Candelaria, Uson at si Jude Serafin ng Tuburan, Cawayan. Nasa kustodiya pa ng pulis si Serafin.

Samantala, 23 sa 44 barangay sa Tinambac, tatlo sa Lagonoy at dalawa sa Goa, Camarines Sur ang hinahalihaw ngayon ng mga tropa ng 83rd IB. Mula pa Mayo nakakampo ang mga sundalo sa mga bayan na ito sa tabing ng Retooled Community Support Program.

Layon ng pagkakampo na ihanda ang lugar para sa pagpasok ng dambuhalang mga kumpanya sa pagmimina, *quarry* at ekoturismo sa distrito na tinaguriang "Partido." Target pangunahin ng mga ito na dambungin ang Tinambac na nagsilbing pinakamalaking *water reservoir* sa Camarines Sur. Mayaman sa mineral at punong kahoy ang kabundukan ng lugar. AB

---

## Magsasaka pinaslang, 22 pamilya nagbakwit

Nitong nagdaang mga linggo, tig-isang kaso ng pagpaslang at panganganyon ang naiulat sa Negros Occidental, habang 22 pamilya ang nagbakwit sa Surigao del Sur. Limang sibilyan naman ang inaresto sa Bohol, Laguna at Agusan del Sur.

**Pagpaslang.** Pinatay ng mga sundalo ng 3rd ID noong Hunyo 9 si Erming Pacheco, isang Tumandok, sa Sityo Dala-upon, Carabalan, Himamaylan City. Inakusahan siyang sangkot sa sagupaan sa pagitan ng militar at mga Pulang mandirigma malapit sa lugar.

**Panganganyon.** Sa parehong araw, kinanyon ng 3rd ID ang mabundok na bahagi ng Himamaylan City at Binalbagan mula alas-10 ng umaga hanggang alas-2 ng hapon. Nagresulta ang panganganyon sa labis na takot at pagkawasak sa kabuhayan ng mga residente.

**Pagbakwit.** Sa Surigao del Sur, napilitang magbakwit noong Hunyo 23 ang 22 pamilya (100 indi-

bidwal) mula sa Sityo Panukmoan at Sityo Manluy-a, Barangay Diatagon, Lianga. Ang mga bakwit ay kababaryo ng tatlong sibilyan na minasaker ng ng 3rd Special Forces Battalion noong Hunyo 15. Binantaan silang papatayin kung magsalita ukol sa masaker.

**Iligal na pag-aaresto.** Sabay na dinakip ng 47th IB noong Hunyo 25 sina Carmilo Tabada, koordinaytor ng Central Visayas Farmers Development Center sa Trinidad, Bohol at si Rev. Nathaniel Vallente pastor ng United Churches of Christ in the Philippines, sa San Jose, Mabini, Bohol. Pareho silang tinaniman ng mga bala at baril at sinampahan ng gawagawang kaso. Bago pa nito, biktima

sila ng *red-tagging* ng rehimen.

Inaresto ng mga pulis noong Hunyo 25 sina Dana Marie Marcellana at Christian Relao sa San Diego, San Pablo, Laguna. Sinampahan ang dalawa ng gawa-gawang kasong rebelyon at *illegal possession of firearms*.

Sa Agusan del Sur, dinakip ng 8th Special Forces Company ang isang 12-taong gulang na bata sa Sityo Marang, Barangay Mabuhay, Prosperidad noong Hunyo 4. Bago nito, walang patumanggang pinaputukan ng mga sundalo ang mga nag-aani ng mais sa sakahan sa naturang sityo kung saan dalawa ang nasugatan. Kabilang sa mga nag-aani ang 12 bata.

**Pananakot.** Iligal na hinalughog ng mga sundalo at pulis ang pitong bahay ng mga kasapi ng Trinidad-Talibon Integrated Farmers Association sa Trinidad, Bohol noong Hunyo 27 at Hunyo 28. AB

## 2 M16, nakumpiska ng BHB-Surigao del Sur

DINISARMAHAN NG MGA Pulang mandirigma ang mga armadong gwardya ng MR1 Construction Company noong Hunyo 24 sa Barangay Zone 3, Lanuza, Surigao del Sur. Nakumpiska sa nasabing opensiba ang dalawang ripleng M16, isang *shotgun*, isang kalibre .45 pistola at iba pang gamit militar. Nasawi sa aksyong militar ang isang gwardya at isang elemento ng CAFGU. Pagmamay-ari ni Paulo Lopez, kamag-anak ni Rep. Prospero Pichay Jr, ang kumpanya.

Kasabay nito, inambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Surigao del Sur ang mga pulis na lulan ng *patrol car* na rumesponde sa insidente. Pinaputukan din ng BHB ang isa pang yunit ng Regional Mobile Group na nakaantabay sa lugar.

Sa Samar, matagumpay na napalayas ng BHB-Northern Samar ang mga tropa ng 20th IB na naglulunsad ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa mga barangay ng Epaw at Sag-od sa Las Navas. Noong Hunyo 18 hanggang 19, inisnayp ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalong nag-ooperasyon sa Barangay Epaw. Bago nito, pinaputukan din ng BHB ang mga elemento ng 20th IB na nakakampo sa hangganan ng Barangay Epaw at Barangay Sag-od.

Mula Hunyo 21 ay di pa muling pumapasok ang mga tropa ng AFP para mag-RCSP sa mga nasabing barangay.

### DDoS attack ng AFP, DOST sa alternatibong midya

NILANTAD NG QURIUM Media, organisasyon sa *cybersecurity* na nakabase sa Sweden, sa isang ulat noong Hunyo 22 na ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at Department of Science and Technology (DOST) ay nasa likod ng mga *distributed denial-of-service* (DDoS) attack sa mga grupong Bulatlat, Altermidya at Karapatan. Nagsimula ang mga atake noong kalagitnaan ng Mayo at rumurok noong kalagitnaan ng Hunyo at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Sa DDoS, dinudumog ng ilang milyong pumapasok sa *website* para bumagal ito.

Kasabay din nito ang mga DDoS attack sa *website* ng Philippine Revolution Web Central (PRWC sa <https://cpp.ph>) na nagdulot ng panaka-nakang pagkawala nito. Ginamit naman ng AFP ang mga pekeng akawnt sa Twitter para itulak ang kumpanya na ipasara pansamantala ang akawnt ng PKP (@prwc\_info) at tuluyang hadlangan ang opisyal nito sa impormasyon (@marco\_cpp).

Ayon sa Qurium, ang mga *IP address* na ginamit sa mga pag-atake ay direktang nakaugnay sa opisina ng militar sa Taguig City, at sa proyektong Philippine Research, and Government Information Network ng DOST. Pinaimbestigahan ngayon sa Kongreso ang insidente.

Samantala, pinasok din ng di-awtorisadong mga elemento ang *membership application* o *app* ng 1Sambayan noong ikalawang linggo ng Hunyo. Paniniwala ng grupo na kagagawan ito ng mga karibal nito sa pulitika.

### Ika-5 taon ni Duterte, sinalubong ng protesta

HIGIT ISANG LIBO ang nagmartsa patungo sa Mendiola Bridge sa Maynila sa ika-5 taon sa poder ni Rodrigo Duterte noong Hunyo 30 para singilin ang kanyang rehimen ng korapsyon, pagtataksil, pagpaslang at pagpapahirap sa bayan.

Sa pamumuno ng Bagong Alyansang Makabayan, giit ng iba't ibang mga organisasyon ang pagwawakas sa mga pagpaslang at pagsasakdal sa rehimen Duterte sa lahat ng kanyang krimen laban sa sambayanan. Naglunsad ng kaparehong protesta sa San Pedro City, Laguna.

Sa parehong araw, kinalampag ng mga manggagawang pangkalusugan ang opisina ng Department of Health sa Manila City para igiit ang kanilang benepisyo at ipanawagan ang pagbaba sa pwesto ng kalihim ng kagawaran na si Sec. Francisco Duque III.



**75-taon ng neokolonyalismo.** Naglunsad ng isang raling iglap ang may isandang kabataan sa harap ng Embahada ng United States sa Pasay City noong Hulyo 4. Sa pangunguna ng League of Filipino Students, giit ng mga kabataan ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement, Enhanced Defense Cooperation Agreement at lahat ng hindi pantay na mga kasunduan at tratado sa pagitan ng dalawang bansa. Kinundena rin nila ang lantarang pagpapakatuta ng rehimen Duterte sa US at pagbebenta sa soberanya ng bayan.

**Protestang Pride.** Nagtipon ang mga LGBTQ+ at kaniilang mga tagasuporta sa Bantayog ng mga Bayani, Quezon City noong Hunyo 26 bilang pagdiriwang sa Pride Month o buwan ng pagkilala sa mga karapatan ng LGBTQ+ at paglaban sa diskriminasyon. Pinangunahan ang protesta ng Bahaghari at Metro Manila Pride. Naglunsad din ng kani-kanilang protestang *pride* ang mga organisasyon sa Pampanga at Laguna.

**Anti-Terrorism Law, ibasura.** Nagprotesta ang mga pambansa-demokratikong organisasyon noong Hulyo 6 sa harapan ng Korte Suprema sa Padre Faura, Manila City para igiit ang pagbabasura sa Anti-Terror Law ng rehimen Duterte. Unang taong anibersaryo ng mapanupil na batas noong Hulyo 3 at nananatiling wala pang tugon ang Korte Suprema sa mga petyon laban dito.

# Nang busugin ng diktador ang kanyang mga halimaw

**H**anggang sa nalalabing mga buwan ng opisyal na termino ni Rodrigo Duterte, nagpapatuloy ang pagpabor niya sa kanyang armadong mga tauhan, laluna sa Armed Forces of the Philippines (AFP). Ang malimit niyang ituring na “mga sundalo ko” ay ipinapalayaw sa madalas na pagbisita sa mga kampo, pag-udyok sa kanila na pumatay at manggahasa, at maging sa pagprayoridad na mabakunahan. Nangunguna rin sa mga pabor ni Duterte ang pag-bubusog sa kanila sa salapi at kapangyarihan.



Bilang pangunahing haligi ng kanyang teroristang paghahari, todo ang pagpapalaki at pagpapalakas ni Duterte sa militar at pulis. Humigit kumulang 400,000 ang kasalukuyang bilang ng mga sundalo at iba pang tauhang panseguridad. Bumibilang lamang sila ng may 347,000 noong magsimula si Duterte sa pagkapangulo. Gayundin, pinalaki ang bilang ng mga CAFGU, na target pang paramihin ng rehimen hanggang 79,000 mula noong 2020. Noong 2015 ay nasa 56,000 lamang ang bilang ng mga paramilitar. Sa kasalukuyan, may 190 heneral ang AFP at 146 ang Philippine National Police (PNP).

Ang pagpapalaki sa militar ay tulak ng desperasyon ni Duterte na sugpuin ang armadong rebolusyon. Noong 2016, ang Philippine Army na siyang pinakamalaking sangay ng AFP, ay bumibilang lamang ng may 81,000 tauhan na nahahati sa 87 batalyong pangmaniobra. Ipinakat noong Oktubre 2017 ang 88th IB bilang una sa karagdagan 20-35 batalyon na tinarget buuin ni Duterte. Ang 99th IB, isa sa mga pinakabagong batalyon, ay nakaistasyon ngayon sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija.

## Pondo at mando ng US

Naging madali ang pagtupad ni Duterte sa kanyang balak dahil tinustusan ito ng US. Mula 2016-2019, tumanggap ang rehimen ng ₱27.2-bilyong ayudang militar. Kabilang dito ang ₱13.1-bilyong halaga

ng mga armas at kagamitang militar. Inaabangan pa ng rehimen ang karagdagan ₱9.8-bilyong ayuda para sa taong ito.

Kabilang sa pinondohan ng US ang pagbubuo ng 11th ID noong 2018 na sumasaklaw ngayon sa mga isla at karagatan ng Sulu at target punuan ng 4,500 personel. Bahagi ng dibisyon ang 1st Brigade Combat Team (BCT) ng Philippine Army na nakabatay sa istruktura at direktang inaarmasan ng US. Nag-ooperey ito bilang yunit na kumpleto sa suportang panghimpapawid, mga kanyon, *armored personnel carrier* at iba pa. Ang 11th ID at mga BCT ay idinidirehe ng militar ng US sa tabing ng iba't ibang pagsasanay-militar.

Kabilang din sa mga bagong binuong yunit ang Cyber Battalion ng armi para manguna sa mga pag-atake gamit ang *internet*.

Alinsunod sa pakikipagmabutihan ni Duterte sa China, nakatanggap din ang AFP ng mga ayudang militar mula sa China. Kabilang dito ang 6,000 ripleng Norinco noong 2016. Bahagi ng pakikipagribalan ng China sa US, puspusan din ang pag-sisikap ng China na magkaroon ng malakas na impluwensya sa mga opisyal ng AFP upang kontrahin ang kontrol dito ng US. Makikita na mayroon na ring tipak sa loob ng AFP na bumabaling sa China, na nananalig sa umuusbong na kapangyarihan ng China sa rehiyon, o di kaya'y mga nakinabang sa kikkak sa maanomaliyang mga kontrata ng gubyerno at

napaburan sa negosyo ng mga sindikato ng droga at ismagling.

## Pabuya sa mga berdugo

Mula 2016, pinaburan ni Duterte na itaas ang sweldo ng kanyang mga sundalo at pulis. Naipirmi niya ang kanilang katapatan sa dobleng paglaki ng buwanang sahod ng mga karaniwang kawal hanggang sa mga heneral. Mas malaki nang halos ₱6,000 ang agwat ng batayang sahod ng bagong sundalo (₱29,668) sa bagong-pasok na mga guro sa mga pampublikong paaralan. Ang karamihan sa mga bagong tanggap na mga nars naman ay nakapako pa rin sa ₱22,000-₱24,000 ang buwanang sweldo. Ginawa ang pagtaas ng batayang sweldo para umakit ng mas maraming rekrut. Sa kabila nito, hindi pa rin naaabot ng mga sangay ng AFP ang target na bilang ng rekrutment.

Tumatanggap ang mga sundalo at pulis ng samutsaring alawans at benepisyo para sa pagkain, damit, pabahay at iba pa. May hiwalay pang bayad ang pagsabak sa operasyon at pagkasangkot sa armadong labanan. Mas mataas ang kanilang *take home pay* o naiuuwing sweldo dahil hindi sila naghuhulog ng pensyon, di tulad ng iba pang empleyado ng gubyerno.

Tumatanggap ng hiwalay na *allowance* ang mga opisyal. Ang mga kapitan ay buwanang binibigyan ng ₱7,000 habang ₱35,000 sa pinakamataas na ranggong heneral. Wala

*"Nang busugin..." ituloy sa pahina 7*

Mga sasakyan-panghimpapawid ng AFP:

## Lumilipad na mga kabaong?

**M**istulang lumilipad na mga kabaong ang mga helikopter at eroplano ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Bumagsak noong Hulyo 4 ang isang C-130 Hercules *transport plane* ng militar sa Barangay Bangkal, Patikul, Sulu, na nagtamo ng pinakamalalang kaswalti sa nakaraang tatlong dekada.

Ayon sa pinakahuling ulat, umaibot na sa 52 ang kumpirmadong namatay kabilang ang 49 na sundalo at tatlong residente ng Sityo Amman ng naturang barangay. Umaibot sa 53 ang sugatan at ginagamot ngayon, kung saan 49 sundalo at apat ang sibilyan.

Ang sekunda-manong eroplano ito ay binili ng rehimen noon lamang Enero mula sa US. Pinagluwaan na ang karamihan sa mga kagamitang pandigma ng AFP, kabilang ang mga barko at eroplanong ginamit pa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sa gerang agresyon ng US sa Vietnam mula dekada 1960 hanggang 1970.

Naganap ang insidente ilang araw matapos ipinatigil ni Defense Secretary Delfin Lorenzana noong Hunyo 24 ang paglalipad naman ng mga Black Hawk *helicopter* pagkatapos na bumagsak ang isa nito sa isang misyong pagsasanay sa Capas, Tarlac.

Bumagsak ang *combat utility he-*

*licopter* noong Hunyo 23 ng gabi pagkatapos mag-*take off* ito mula sa dating base militar. Kinabukasan, natagpuan ng mga pangkat ng *search and rescue* ang labi ng helikopter sa may Crow Valley, Tarlac. Patay lahat ang anim na sakay nito.

Ang bumagsak na S-70i Black Hawk ay isa sa 16 na binili ng Pilipinas sa Poland noong 2019. Ang anim nito, kabilang ang bumagsak, ay dumating sa bansa noong Nobyembre 2020. Dumating ang limang helikopter noong Hunyo at ang huling bats ay darating sa katapusan nitong taon.

Bahagi ang biniling 16 na Black Hawk sa \$241-milyong kontrata (o ₱11.8 bilyon sa palitang \$1=₱48.85) sa pagitan ng mga guberno ng Pilipinas at ng Poland na nilagdaan noong 2019. Gawa ang mga ito ng PZL Mielec ng Poland, subsidyaryo ng kumpanyang US na Lockheed Martin. (Napilitang bumili sa Poland ang Pilipinas dahil tinanggihan ito ng gubyerno ng Canada

bunsod ng malalang rekord sa paglabag sa karapatang-tao ng rehimen Duterte.)

Sa kabuuan, may 18 patay at apat na sugatang mga piloto at sundalo sa sunud-sunod na pagbagsak ng helikopter simula noong Hulyo 2020 hanggang Hunyo 23 nitong taon.

Noong Hulyo 2020, apat na mga piloto at sundalo ang napatay at isa pa ang nasugatan pagkatapos bumagsak ang isang Huey *helicopter* habang lumilipad sa isang pagsasanay sa gabing operasyon sa hilagang Luzon.

Pagpasok ng taong 2021, bumagsak naman noong Enero ang isang UH-1H Huey *helicopter* ng 205th Tactical Helicopter Wing sa Bulonay, Impasug-ong, Bukidnon. Patay ang pitong sakay nito. Sumusuporta noon ang helikopter sa operasyong kombat ng 8th IB laban sa Bagong Hukbong Bayan.

Noong Abril, namatay ang isang piloto ng Philippine Air Force habang nasugatan ang tatlong iba pa pagkatapos bumagsak ang sinasakyang MG520 *helicopter gunship* ng 15th Strike Wing sa bayan ng Jetafe, Bohol. AB

---

"Nang busugin..." mula sa pahina 6

pa rito ang mga gantimpala sa mga sundalong ginagawaran ng kung anu-anong medalya, na maaaring umabot sa ₱100,000 kada buwan.

Pero ang lahat ng ito ay maliit na halaga kumpara sa mas malalaking pabuya sa mga heneral kapalit ng katapatan sa diktador. Inilalagay sila ni Duterte sa mga susing pusi-syon sa gubyerno matapos magretiro. Paborito niyang bigyan ng pusi-syon ang mga heneral na dating naitalaga sa Davao. Matatagpuan ang mga dating opisyal sa hindi bababa sa 12 pusi-syon sa gabinete, maliban pa sa mga nasa mabababang pusi-syon.


Naglublob sa pondo ng bayan ang mga heneral at iba pang opisyal. Sa pagpadrino ni Duterte ay kinontrol niya agad ang Bureau of Customs (BOC) para sa madulas na pagpasok sa bansa ng ilegal na droga at mga kontrabando. Nang mabulilyaso ang pinalusot ng dating hepe ng BOC na si Nicanor Faeldon na ₱6.5-bilyong halaga ng *shabu*, dalawang dating heneral pa rin ang magkasunod na ipinalit sa kanya.

Pawang mga dating opisyal ng militar at pulis din ang tatlong magkakasunod na itinalaga sa Bureau of Corrections para makontrol ang produksyon ng mga *druglord* na pa-

tuloy na nakapag-oopereyt mula sa loob ng bilangguan.

Noong 2017, pinaniniwalaang milyun-milyon ang ibinulsa ng kasanggang mga heneral ni Duterte sa maanomalyang pagbili ng dalawang barkong pandigma ng Philippine Navy. Mismong si Duterte ay sangkot sa korapsyon sa ₱16-bilyong halagang kontrata. Ang mga alagad niyang heneral din ang nakinabang sa pakitang-taong pagsisante sa karibal na mga opisyal sa ngalan ng umano'y gera kontra-korapsyon at "gera kontra-droga."

(*Ilalabas sa susunod na isyu ang ikalawang bahagi.*) AB



## Press Freedom Predator

ang titulong iginawad kay Rodrigo Duterte

ng **Reporters Without Borders**, kasama ng 36 pang mga pinuno ng mga bansa, noong Hulyo 5.

# 87%

ng Maynila ang negatibong maaapektuhan ng mga pagbaha sa 2030

dulot ng **pagtaas ng karagatan** at **malakas na bagyo** bunga ng **climate change**. Bulnerableng mapalalayas ang **1.54 milyong residente** ng syudad.

*Pinagkunan: Greenpeace East Asia*

## ika-52

ang Pilipinas sa listahan ng **53 bansang** nasa landas na ng pagrekober

mula sa pandemyang Covid-19. Kabilang sa sinukat ang **porsyento ng mga populasyon ng nabakunahan**, **higpit ng mga lockdown** at iba pang palatandaan. Ang tanging bansang mas mababa pa ang kapasidad na magrekober (ika-53) ay ang Argentina.

*Pinagkunan: Bloomberg Covid Resilience Ranking*

# 80%

ng mga batang Pilipino ay **“hindi nakakaalam ng dapat alam na nila”**



Isa sa bawat 4 na estudyante sa Grade 5 ang walang kasanayan sa pagbabasa at matematiks na dapat natutunan na sa Grade 2 o Grade 3, at **apat sa bawat 5 estudyante** na 15-taong gulang ang hindi nakaiintindi ng mga batayang konsepto ng matematiks na dapat alam na ng mga nag-Grade 5.

*Pinagkunan: World Bank*

Nananatiling nasa listahan ng

# 10

pinakamasasamang bansa para sa mga manggagawa ang Pilipinas

sa usapin ng **karapatang magwelga**, **magtayo ng unyon** at **malayang pagpapahayag ng mga manggagawa**. Panlimang taon na ito ngayon ng bansa sa naturang listahan.

*Pinagkunan: 2021 Global Rights Index, International Trade Union Confederation, 2021*

## Benigno Aquino III, 61,

namatay noong Hunyo 23 sa sakit sa bato.

Pinakakilala ang kanyang rehimen sa **korapsyon (Priority Development Assistance Fund)** at **Mamasapano 44**. Nagsilbi siyang ika-15 presidente ng reaksyunaryong estado mula 2010 hanggang 2016.



o ang **Katas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan** ay itinatag sa gabi ng

## 7 Hulyo 1892

sa bahay ni Deodato Arellano sa 734 Calle el Cano kanto ng Azcarraga (ngayon ay Recto) sa syudad ng Maynila.



# Pilipinas, muling inilagay sa listahan ng mga bansang laganap ang *money laundering*

Muling inilagay ng Financial Action Task Force (FATF) noong Hunyo 24 ang Pilipinas sa tinatawag nitong “grey list” o listahan ng mga bansang may mataas na insidente ng *money laundering*. Ibig sabihin, ipapailalim ng FATF sa mas mahigpit na pagmomonitor ang mga bangko at pinansyal na mga transaksyon ng bansa.

Ang “money laundering” ay ang paglilinis ng maruming perang nalikom mula sa mga ilegal na aktibidad sa pamamagitan ng paglilipat-lipat nito sa mga bangko o paglalagak nito sa mga lehitimong negosyo. Ang FATF ay isang internasyunal na organisasyong kontra-*money laundering* na itinayo ng G7. Unang nalagay sa *black list* ng FATF ang Pilipinas noong 2000 at sa *grey list* nito noong 2012.

Ginawa ng FATF ang paghihigpit sa kabila ng mga amyendang ginawa ni Rodrigo Duterte sa Anti-Money Laundering Act noong Pebrero at pagpasa ng Anti-Terror Law noong Hunyo 2020 na kunwa’y nakatuon sa pagsugpo sa “pagpipinansya sa terorismo.” Di tinumbok ng parehong batas ang mayor na mga krimeng pinagmumulan ng maruming pera—ang bentahan ng ilegal na droga at korapsyon.

Noong 2019, sinuri ng Anti-Money Laundering Council (AMLC) ang 161,650 *suspicious transaction report* (ulat ng kaduda-dudang transaksyon o STR) mula Enero 2013 hanggang Disyembre 2017 na nagkakahalaga ng ₱17.9 trilyon. Natuklasan nitong 12,508 sa mga STR na may halagang ₱10 trilyon ay mula sa pagbebenta ng ilegal na droga at kaugnay na mga krimen. Kalahati ng halaga (₱5 trilyon) ay inulat sa unang taon ng “gera kontra-droga” ng rehimeng Duterte. Sa pagitan ng

2015 at 2016, tumaas nang halos 200% ang halaga ng mga transaksyong may kaugnayan sa ilegal na droga. Bagamat bumaba sa 2017, nananatiling mataas ang bilang ng mga transaksyon kumpara sa 2014. Ang STR ay mga ulat na isinusumite sa AMLC kaugnay sa mga transaksyong pinagdududahang naglilinis ng maruming pera.

Halos lahat ng mga transaksyong sinuri ay dumaaan sa lokal na mga bangko. May bahagi ng nalinis na pera (29%) na lumabas tungong US, Costa Rica, Malaysia at Nigeria pero malaking bahagi nito ay umiikot lamang sa loob ng bansa.


Sa isang mas masaklaw na pag-aaral na inilabas ng AMLC noong 2020, tumaas ang bilang ng mga kaduda-dudang transaksyon nang halos 11 beses mula 2013 hanggang 2020. Sa pagitan lamang ng 2019 at 2020, tinayang tumaas ito nang 68% o mula 623,000 tungong 1.01 milyon.

Mula 2012 hanggang sa kasalukuyan, itinuturing ng mga internasyunal na ahensyang nagmomonitor sa internasyunal na bentahan ng ilegal na droga na “seryosong usapin” ang *money laundering* sa Pilipinas. Sa 2021 International Narcotics Strategy Report ng US na inilabas noong Marso, sinabi nitong ginagamit ng mga Chinese na sindikato ang Pilipinas bilang rehiyunal na lagakan at daluyan ng ilegal na

droga at maruming pera mula rito. Ang mga sindikato ng droga ang nagsusuplay ng papalaking bolyum ng *shabu* para sa lokal na bentahan. Sa ulat ng AMLC, nasa 54% ng mga STR na naisumite mula Enero 1 hanggang Setyembre 2020 ay kaugnay sa bentahan ng ilegal na droga.

Liban sa internasyunal na operasyon ng mga sindikato ng droga, mataas din ang antas ng korapsyon ng mga opisyal ng guberno at laganap ang *human trafficking* sa Pilipinas—mga krimen na pinagmumulan ng maruming pera. Napadudulas ang paglabas-masok ng maruming pera na isinasabay sa malaking bolyum ng remitans ng mga migranteng Pilipino. Liban sa lokal na mga bangko, nililinis ang maruming pera sa mga pribadong negosyo, partikular sa mga kasyong kasino. (Isa sa may pinakamalaking pasugalan sa bansa ang mega-kroni ni Duterte na si Enrique Razon. May kontrata naman ang isa pang kroni ni Duterte na si Dennis Uy na magtayo ng dambuhalang kasino sa Cebu.)

Sa hiwalay na ulat ng Securities Exchange Commission, tinukoy ang pandarambong at korapsyon bilang mayor na pinagmumulan ng maruming pera na pumapasok sa sektor ng pinansya mula 2017 hanggang 2019. Mula sa lokal na korap na mga pulitiko ang bulto ng maruming pera, pero mayroon ding ilan na pinagdududahang mula sa China. Ayon pa sa Securities and Exchange Commission, “lubos na mababa o wala” itong namomonitor na pondong “sumusuporta sa terorismo.”



# Krisis at ribalan sa industriya ng semiconductor

Ang industriya ng *semiconductor* ang isa sa nasa sentro ngayon ng tuminding imperyalistang tunggalian sa pagitan ng mga higanteng kapitalistang bansang US at China. Ang retorika ng “malayang kalakalan” ay naisanta-bi sa harap ng tuwirang panghihimasok ng mga imperyalistang estado sa paghahabol na makontrol ang produksyon at distribusyon sa susing produktong panteknolohiyang ito.

Ang tunggaliang ito ay bahagi ng patuloy na umiigting na kompetisyon sa pagitan ng mga higanteng monopolyong kapitalista. Kinatatampukan ito hindi lamang ng karera sa teknolohiya sa produksyon, kundi higit pa, ng paggamit ng kapangyarihan sa pulitika at lakas militar para gipitin ang mga katunggali. Sinasalamon nito ang masidhing krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista na kinatatampukan ng anarkiya at labis na produksyon, paglamon ng mga higante sa mas maliliit na kapitalista at papsidhing pagsasamantala sa mga manggagawa.

## Ang industriya ng semiconductor

Ang mga *semiconductor* ay isa sa pinakasusing pyesa sa mga produktong elektroniko. Tinatawag din itong IC (*integrated circuit*), *electronic chip* o *microchip*. Ang ka-

kayahang kontrolin ang daloy ng kuryente sa napakaliliit na *circuitry* (alambre o *wire*) ay nagagamit para kontrolin ang (o magsilbing “utak” sa) mga kompyuter, *smartphone*, *hard drive*, telebisyon, kamera at maging mga “matatalinong” kagamitan sa bahay, modernong kotse, mga *drone*, mga kagamitang militar at marami pang iba.

May tatlong tipo ng kumpanya sa industriya ng *semiconductor*: may mga nakatuon sa pagdidisenyo ng *circuitry* ng *chip* (tulad ng Qualcomm at Nvidia); mayroong nakapokus sa aktwal na pagmamanupaktura o produksyon (tulad ng Taiwan Semiconductor Company o TSMC at Semiconductor Manufacturing International Corporation o SMIC); at mayroong nagdidisenyo at nagmamanupaktura (tulad ng Intel at Samsung).

Noong 2020, nangunguna sa bentahan ng *semiconductor* ang Samsung Electronics (South Korea), Intel (US) at TSMC (Taiwan). Walo sa nangungunang kumpanyang ito ay mula sa United States. Ang pinakamalaking kumpanyang Chinese ay nasa ika-19 na pwesto.

Pero ang pinakamalaking kumpanyang aktwal na nagmamanupaktura ng *semiconductor* ay nasa Asia. Nasa Taiwan ang 63% ng kabuuang suplay ng *semiconductor*, sa pangunguna ng TSMC na nagsusuplay sa 51.5% ng *semiconductor* sa buong mundo. Nagmumula naman sa South Korea ang 18% ng suplay at mula sa China ang 5-6%.

Binabagabag ngayon ang iba’t ibang larangan ng kapitalistang produksyon ng kakulangan sa suplay ng *semiconductor*. Nagsimula ang kakulangang ito sa huling bahagi ng 2020 dahil sa biglang paglaki ng benta ng mga kompyuter at iba pang kagamitang elektroniko kaakibat ng mga pagbabago sa estilo ng buhay at paghahanapbuhay bunga ng pandemya. Dulot din ito nang muling pagsikad ng produksyon ng mga sasakyan na walang paunang order ng suplay matapos ilang buwang nagsara matapos tumumal ang bentahan sa harap ng pandemya. Nagkaroon din ng kakulangan sa suplay ng *semiconductor* dahil sa pinagbawalan ng US ang SMIC, ang pinakamalaking prodyuser ng *microchip* sa China, na magbenta ng *semiconductor* sa mga kumpanyang Amerikano.

Isa sa pinakanaapektuhan ng kakulangan sa suplay ng *semiconductor* ay ang produksyon ng mga sasakyan. Tinatayang aabot sa 2.5 milyong kotse ang hindi namanupaktura sa unang hati ng 2021 dahil sa problema sa suplay. Naapektuhan din ang produksyon ng bagong mga kagamitang elektroniko.

(*Ilalabas sa susunod na isyu ang ikalawang bahagi.*)

AB

## Ang teknolohiya sa mga semiconductor

PAPAABANTE ANG TEKNOLOHIYA ng *semiconductor* na may kinalaman sa kakayahang pagkasyahin ang mga *circuit* (o sistema ng mga alambre) sa maliit na espasyo. Noong dekada 1950, ang isang *electronic chip* ay mayroon lamang sampung *circuit*. Ilandaang ulit na lumaki ito noong dekada 1960. Sinasabing dumodoble ang kapasidad ng mga *chip* kada dalawang taon. Noong katapusan ng dekada 1980, ang isang laking-selyong *chip* ay kayang maglaman ng 16 milyong *circuit*. Sa nagdaang mga taon, nagagawang pagkasyahan sa maliit na espasyong ito ang 7-10 bilyong *circuit*.

Gumagamit ng espesyal na teknolohiya para iemprenta ang *circuit* sa mga *silicon wafer* (8-12 na pulgada na hugis biskwit) na gawa sa purong *silica*. Ang pinakaabanteng produksyon ng *semiconductor* ay kayang mag-imprensa ng *circuit* na 7 *nanometer* (nm) ang laki. (Ang dayametro ng karaniwang buhok ng tao ay 80,000-100,000 nm). Pinauunlad na ang kakayahan sa teknolohiyang 5 nm at 3 nm.